



Privacy Notice and Consent	Abiso sa Pribasya at Pahintulot
We want you to understand how we receive your personal information and what we do with your information for the Red Cross Family and Domestic Violence Financial Assistance Program (this Program) . Personal information is information about you that can identify you.	Nais naming maunawaan mo kung paano namin tinatanggap ang iyong personal na impormasyon at kung ano ang ginagawa namin sa iyong impormasyon para sa Red Cross Family and Domestic Violence Financial Assistance Program (ang Programang ito) . Ang personal na impormasyon ay impormasyon tungkol sa iyo na maaaring pagkakilanlan mo.
We are the Australian Red Cross Society and our Australian Business Number (ABN) is 50 169 561 394.	Kami ang Australian Red Cross Society at ang aming Australian Business Number (ABN) ay 50 169 561 394.
Why we are collecting your personal information.	Bakit namin kinokolekta ang iyong personal na impormasyon.
We need your personal information so that we can respond to your request for support and provide services to you. If we do not get your personal information, we might not be able to provide services to you.	Kailangan namin ang iyong personal na impormasyon upang makatugon kami sa iyong kahilingan para sa suporta at magbigay ng mga serbisyo sa iyo. Kung hindi namin makukuha ang iyong personal na impormasyon, maaaring hindi kami makapagbigay ng mga serbisyo sa iyo.
We might also use your information so we can work with another organisation to support you or to ask them to support you.	Maaari din naming gamitin ang iyong impormasyon upang magawa naming makipagtulungan sa ibang organisasyon upang suportahan ka o hilingin sa kanila na suportahan ka.
Sometimes, we use it to contact you or the person you have asked us to contact on your behalf in an emergency situation.	Minsan, ginagamit namin ito upang makipag-ugnay sa iyo o sa taong hinirang mong makipag-ugnay sa amin para sa iyo sakaling may emerhensiya.
Where we get your personal information from.	Saan namin nakuha ang iyong personal na impormasyon
We will ask you to give us your personal information.	Hihilingin namin sa iyo na ibigay sa amin ang iyong personal na impormasyon.
Sometimes other people and organisations may give us your personal information, including organisations that are helping you already. This is so we can support you and so you don't have to share your information twice.	Minsan ang ibang mga tao at organisasyon ay maaaring magbigay sa amin ng iyong personal na impormasyon, kasama ang mga organisasyon na kasalukuyang tumutulong sa iyo. Ito ay upang masuportahan ka namin at sa gayon ay hindi mo na kailangang ulitin pa ang pagbahagi ng iyong impormasyon.
What information we collect	Ano ang impormasyong kinokolekta namin
Personal information is your name, date of birth, gender, contact information, visa status, bank account information, health information or other information connected with your history or relationship to Red Cross and the services we provide.	Kasama sa personal na impormasyon ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, impormasyon sa pakikipag-ugnay, katayuan ng visa, impormasyon sa bank account, impormasyon sa kalusugan o iba pang impormasyong nauugnay sa iyong kasaysayan o kaugnayan sa Red Cross at mga serbisyong ibinibigay namin.



Who we share your personal information with	Kanino namin ibinabahagi ang iyong personal na impormasyon.
If you apply for financial assistance under this Program, we will share your personal information with people and organisations that can support you or help us support you. If you are worried about this, you can speak to us.	Kung mag-aaplay ka para sa tulong sa pananalapi sa ilalim ng Programang ito, ibabahagi namin ang iyong personal na impormasyon sa mga tao at mga organisasyon na maaaring sumuporta sa iyo o maaaring tumulong sa amin sa pagsuporta sa iyo. Kung nag-aalala ka tungkol dito, maaari kang makipag-usap sa amin.
Sometimes we need to share your personal information to keep people safe. For example, Red Cross staff and volunteers must follow the law in sharing information to keep children safe.	Minsan kailangan naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon upang mapanatiling ligtas ang mga tao. Halimbawa, dapat sundin ng kawani at mga boluntaryo ng Red Cross ang batas sa pagbabahagi ng impormasyon upang mapanatiling ligtas ang mga bata.
Do we share your information overseas?	Ibinahagi ba namin ang iyong impormasyon sa ibang bansa?
We do not share your personal information with anyone overseas.	Hindi namin ibinabahagi ang iyong personal na impormasyon sa sinumang nasa ibang bansa.
How we store your personal information.	Paano namin iniimbak ang iyong personal na impormasyon
We only keep your personal information for as long as we need to or as long as we are required to by law.	Itinatabi lamang namin ang iyong personal na impormasyon hangga't kailangan namin o hangga't ipinag-uutos sa amin ng batas.
My Rights	Aking mga Karapatan
You have the right to ask for access your personal information.	May karapatan kang humiling ng access sa iyong personal na impormasyon
You have the right to ask us to fix your personal information if it is incorrect.	May karapatan kang hilingin sa amin na itama ang iyong personal na impormasyon kung ito ay mali.
You have the right to make a complaint to Red Cross:	Karapatan mong magreklamo sa Red Cross:
Head of Legal Australian Red Cross Society 23–47 Villiers St North Melbourne VIC 3051	Head of Legal Australian Red Cross Society 23–47 Villiers St North Melbourne VIC 3051
Tel: 1800 RED CROSS (733 276) Fax: 61 3 9345 1800 Email: privacy@redcross.org.au	Tel: 1800 RED CROSS (733 276) Fax: 61 3 9345 1800 Email: privacy@redcross.org.au
You can also make a complaint direct to the Privacy Commissioner at oaic.gov.au	Maaari ka ring mag-reklamo nang direkta sa Privacy Commissioner sa www.oaic.gov.au
You can find out more by reading the Red Cross Privacy Policy www.redcross.org.au/privacy	Maaari mong malaman ang higit pa sa pamamagitan ng pagbabasa ng Patakaran sa Pribasya ng Red Cross sa www.redcross.org.au/privac



Consent	Pahintulot
<p>I _____ (or my guardian/custodian/carer) have been told how Red Cross will collect, use and share my personal information. I agree and consent to my personal information being collected, used and shared so Red Cross and other people and organisations can support me and provide services to me, including under this Program.</p>	<p>Ako _____ (o ang aking guardian/tagapag-ingat/tagapag-alaga) ay sinabihan kung paano kokolektahin, gagamitin at ibabahagi ng Red Cross ang aking personal na impormasyon. Sumasang-ayon ako at pumapayag na kolektahin ang aking personal na impormasyon, gamitin at ibahagi upang sa gayon ay masuportahan ako ng Red Cross at iba pang mga tao at organisasyon at mabigyan ako ng mga serbisyo, kabilang ang mga serbisyo sa Programang ito.</p>
<p>I also understand that I can change my mind and tell Red Cross not to use or share my personal information. I understand that if I withdraw my consent, Red Cross might not be able to provide support or services to me.</p>	<p>Nauunawaan ko rin na maaaring magbago ang aking isip at sabihin sa Red Cross na huwag gamitin o ibahagi ang aking personal na impormasyon. Nauunawaan ko na kung babawiin ko ang aking pahintulot, maaaring hindi makapagbigay ang Red Cross sa akin ng suporta o serbisyo.</p>
<p>Signature _____</p> <p>Date _____</p>	<p>Lagda _____</p> <p>Petsa _____</p>
<p>If this consent form is not provided in a written language that I can understand then this form has been translated into _____</p> <p>by _____ who is a person I have nominated or is an Certified interpreter in Australia. Reference No _____.</p>	<p>Kung ang form ng pahintulot na ito ay hindi nakasulat sa wika na mauunawaan ko, samakatuwid ang form na ito ay isinalin sa _____</p> <p>ni _____ na isang tao na hinirang ko o isang Sertipikadong interpreter sa Australya. Reference No _____.</p>
<p>Verbal consent (Client is not able to sign)</p> <p>I, _____ (name of agency worker)</p> <p>of _____ (agency name), have read out this Privacy Notice to the person named above. I am satisfied that the person named understands the notice, and agrees to their personal information being collected, used and shared in accordance with this notice.</p>	<p>Pasalitang pahintulot (Ang Kliyente ay hindi makalagda)</p> <p>Ako, _____ (pangalan ng tauhan ng ahensya)</p> <p>ng _____ (pangalan ng ahensya), ay binasa ang Paunawa sa Pribasya na ito sa taong pinangalanan sa itaas. Nasiyahan ako na ang taong pinangalanan ay nauunawaan ang abiso, at sumasang-ayon na kolektahin ang kanyang personal na impormasyon, gamitin at ibinahagi alinsunod sa abisong ito.</p>